Republic of the Philippines
Province of Laguna
Municipality of Santa Cruz

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG HULYO 14, 2025, LUNES, IKA-09:55 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jericho V. Asinas | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Roselon F. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad- nasa bakasyon |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad/ABC Federation President |

RECORDED 29 JUL 2025 Sangguniang Bayan Santa Cruz, Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN RELEASED NAME DATE 29 JUL 2025 TIME STA. CRUZ, LAGUNA

**KAPASIYAHAN BLG. 132- T2025**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 22-T2025 / KAUTUSANG BARANGAY BLG. 02-T2025 NG BARANGAY SANTO ANGEL CENTRAL, SANTA CRUZ, LAGUNA NA NAGTATAAS NG HONORARIA NG SANGGUNIANG BARANGAY AT ALLOWANCE NG DAY CARE WORKER AT ASSISTANT DAY CARE WORKER AT MAGDADAGDAG NG ISANG BHW, DRIVER AT 3 GARBAGE COLLECTOR PARA SA SUSUNOD NA TAON 2026 NA NAAAYON SA SALARY STANDARDIZATION LAW.**

**SAPAGKAT**, may kahilingan ang Sangguniang Barangay ng Santo Angel Central sa sangguniang ito na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 22-T2025 / Kautusang Barangay Blg. 02-T2025 na nagtataas honoraria ng Sangguniang Barangay at Allowance ng Day Care Worker at Assistant Day Care Worker at magdadagdag ng isang BHW, Driver at 3 Garbage Collector para sa taong 2026 na naaayon sa Salary Standardization Law;

**SAPAGKAT**, ang nasabing kahilingan ay iniliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Kautusan at Batas para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT**, may pasubaling anumang gagawing paglalabas ng gugulin ay pananagutan ng Sangguniang Barangay.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan nina Kgg. Roselon F. Pamatmat, Kgg. Jericho V. Asinas, Kgg. Esmeraldo C. De Las Armas, Jr., Kgg. Ambiel John C. Panganiban at Kgg. Mark Anthony M. Juangco at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 22-T2024 / Kautusan Barangay Blg. 02-T2025 ng Barangay Santo Angel Central, Santa Cruz, Laguna na nagtataas ng honoraria ng Sangguniang Barangay at Allowance ng Day Care Worker at Assistant Day Care Worker at magdadagdag ng isang BHW, Driver at 3 Garbage Collector para sa sasusunod na taon 2026 na naaayon sa Salary Standardization Law.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Administrador, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran at Sangguniang Barangay ng Santo Angel Central, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Hulyo 14, 2025**
**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**AMYCAR O. SANTOS**
Records Officer III /
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: **KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: **KGG. JOSEPH KRIS BENJAMIN B. AGARAO**
Punong Bayan

LAM/cel 25